


Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagsagot ng mga Tanong Tungkol sa Talaarawan at Anekdota



**Filipino– Ikaanim na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagsagot ng mga Tanong Tungkol sa Nabasang
Talaarawan at Anekdota**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Judith M. Obera	
Editor:	Lilibeth D. Meliton	
Tagasuri:	Susan J. Quistadio	Junry M. Esperar
	Celestino S. Dalumpines IV	
Tagaguhit:	Leo D. Gali	Swelyn E. Forro
Tagalapat:	Jeson A. Telesforo	
Tagapamahala:	Gemma M. Ledesma	
	Salvador O. Ochoa, Jr.	
	Elena P. Gonzaga	
	Donald T. Genine	
	Celestino S. Dalumpines IV	
	Segundina F. Dollete	
	Shirley A. De Juan	
	Merlie J. Rubio	

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VI

Office Address: Duran Street, Iloilo City

Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address: region6@deped.gov.ph

Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 1:

**Pagsagot ng mga Tanong
Tungkol sa Talaarawan at
Anekdota**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kamusta ka mahal na mag-aaral? Natutuwa ako't muli tayong nagkita. Batid kong marami tayong pinagsamahan sa nakaraang modyul kaya, huwag kang mag atubili pang magpasama sa akin dahil ako pa rin ito. Si Kokoy, ang kaibigan mong tapat sa iyo. Kaya, tara na sa bagong mundo ng pagkatuto.

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat na isinaalang-alang ang inyong kakayahan. Makatutulong ito para mabatid ninyong maigi ang kaalaman tungkol sa pagsagot ng mga tanong tungkol sa nabasang talaarawan at anekdota. Ang mga wikang ginamit ay ayon sa antas ng pang-unawa ng mag-aaral. Ang aralin ay inihanay batay sa pamantayan ng kagawaran.

Pagbati mahal na mag-aaral. Handa ka na ba sa panibagong hamon?

Pagkatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang:

- nasasagot ang mga tanong tungkol sa nabasang talaarawan.
(F6RC-IIdf-3.1.1)
- nasasagot ang mga tanong tungkol sa nabasang anekdota.





Subukin



Nasasabik ka na bang matuto?
Relaks ka lang muna, kailangan mong lagpasan ang kasunod na pagsubok, na susukat sa iyong dating kaalaman hinggil sa paksang tatalakayin.

- A. Basahin ang talaarawan at sagutin ang mga tanong. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

Mahal kong Talaarawan,
25, Hulyo 2020
Sabado

Medyo tinanghali akong gumising ngayong araw dahil napagod ako sa pagtulong sa aking inay sa pagtanim at pagdidilig ng mga halaman kahapon. Ngayong pandemic mabenta ang aming mga iba't-ibang halaman lalo na ang mga caladiums, calatheas, aglaonemas, ferns, roses, at philodendrons. Malaki ang naitutulong ng mga ito sa amin lalo na ngayong pandemic. Presko at nakagaganda sa paligid, stress-free, at air purifier pa. Nakalilibang na kumikitang kabuhayan pa.

26 Hulyo 2020
Linggo


Gumising ako bandang 6:30 ng umaga ngayong Linggo dahil magsisimba kaming mag-anak sa virtual mass. Naghanda at nagbihis na kami dahil mag-uumpisa ito ng ika-walo ng umaga. Ini-on na ni itay ang aming malaking tv. Umupo na kami sa sofa at nanood, at nakinig ng misa sa tv. Sana matapos na itong pandemic at maging ligtas ang lahat.

Nagmamahal,
Dale

Sariling Katha: Judith M. Obera

1. Ano-ano ang mga mabentang halaman nina Dale?
 - A. *roses, ferns, baby's wreath*
 - B. *rosal, caladiums, ferns, roses*
 - C. *caladiums, calatheas, aglao, roses*
 - D. *orchids, sampaguita, rosal, daisies*
2. Sino ang kasama ni Dale sa pagsimba?
 - A. kaniyang pamilya
 - B. mga kaibigan at tiyuhin
 - C. mga tiyuhin, lolo at lola
 - D. ninang, kapatid, kamag-aral
3. Anong uri ng anak si Dale?
 - A. maagap, matalino at malambing
 - B. magalang at mapagbigay
 - C. masayahin at palakaibigan
 - D. masipag, matulungin, at maka-Diyos
4. Ayon sa binasa, maliban sa nakagaganda sa paligid, ano pa ang magandang dulot ng pag-aalaga ng halaman?
 - A. pandagdag na dekorasyon
 - B. *air purifier*, libangan at maaaring pagkakitaan
 - C. pampalakas ng katawan
 - D. pandagdag na gawain
5. Paano nakatutulong si Dale sa kaniyang ina?
 - A. paglilinis ng bahay
 - B. pagluluto at paghahanda ng pagkain
 - C. paglilinis ng bakuran
 - D. pagtatanim at pagdidilig ng halaman

A. Basahin at unawain ang anekdota. Sagutin ang kasunod na mga tanong at isulat sa sagutang papel.



Ang larawan na ito ay iginuhit ni Leo Gali

Isang babae ang pumunta sa estasyon ng pulis upang magreklamo. Siya raw ay malakas na binangga ng bisekleta ng isang matandang lalaki. “*Kailan pa ito nangyari?*” tanong ng pulis. “*Noon pa hong Disyembre 2, 2019,*” sagot ng babae. “*Bakit ngayon lang kayo nag-report? Dapat sana’y noon pa!*” sabi ng pulis. “*Nagdawalang-isip po ako dahil hindi ko naman siya namukhaan. Kaya hindi ko po nireport,*” sagot ng babae. “*Ganoon ba? Eh, bakit ngayon ay nag-report na ho kayo?*” sabi ng pulis. “*Andito po kasi yung bisekleta ng bumangga sa akin, ayun po sa gilid,*” paglilinaw ng babae. “*Ah, iyan po ba? Binenta po dito ng isang lalaki. Pambili daw niya ng gamot para sa may sakit niyang asawa. Naawa ang aming hepe kaya binili niya.*” tugon ng pulis.

Mga Tanong:

1. Sino ang pumunta sa estasyon ng pulis?
 - A. isang binata
 - B. matandang lalaki
 - C. isang babae
 - D. isang bata

2. Bakit pumunta sa estasyon ng pulis ang babae?
 - A. Kakausapin ang pulis tungkol sa nakita niyang pangyayari.
 - B. Sasampahan niya ng kaso ang kapitbahay.
 - C. Isusumbong niya ang kaibigan.
 - D. Ire-report niya ang nangyari sa kaniyang insidente.

3. Bakit hindi daw siya agad nag-report sa pulis?
 - A. Nakalimutan niya.
 - B. Natatakot siyang magsumbong.
 - C. Ayaw na niyang maabala sa pagsusumbong sa pulis.
 - D. Nagdalawang-isip siya dahil hindi naman niya namukhaan ang lalaki.

4. Bakit naisipan na niyang magreport sa pulis?
 - A. Nabangga muli siya ng bisikleta.
 - B. Nakita niya muli na nagbibisikleta ang lalaking bumangga sa kaniya.
 - C. Nakita niya ang bisikleta nang nakabangga sa estasyon ng pulis.
 - D. Nakita niya ang taong nakabangga sa kaniya.

5. Bakit nasa estasyon ng pulis ang bisikleta ng nakabangga sa kaniya?
 - A. Nasa estasyon ng pulis ang bumangga sa kaniya.
 - B. Nahuli na ang bumangga sa kaniya.
 - C. Napulot ng mga pulis ang bisikleta.
 - D. Binenta ng lalaki ang bisikleta at binili ng hepe ng pulis.

Aralin

1

Pagsagot sa mga Tanong Tungkol sa Talaarawan at Anekdota



Narinig mo na ba ang mga salitang talaarawan at anekdota? Gusto mo bang malaman kung ano ang mga ito? Sa araling ito, malalaman mo kung ano ang tinatawag na talaarawan at anekdota. Gayundin, masasagot mo ang mga tanong tungkol dito. Ano pang hinihintay mo? Magpatuloy na sa iyong paglalakbay para sa iyong pagkatuto. Pero bago tayo magpatuloy, muli nating balikan nakaraang aralin.



Balikan

Panuto: Basahing mabuti ang talata at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

COVID-19

Ang Coronavirus (COVID-19) ay isang sakit na dulot ng virus. Ito ay maaaring magmula sa karaniwang sakit gaya ng ubo't sipon hanggang sa mas malulubhang impeksiyon tulad ng MERS-CoV, SARS-CoV at iba pang kaugnay.

Ang COVID-19 ay nakahahawang sakit. Karaniwang sintomas na dulot nito ay lagnat, sipon, ubo, hirap at pag-iksi ng paghinga at iba pang problema sa daluyan ng hangin. Kapag nakapasok ito sa katawan, maaari na itong makahawa sa ibang tao na nakasalamuha mo. Kaya, kailangang mapanatili ang *social distancing*, paggamit ng *facemask*, pagpapalakas ng katawan, pag-iwas sa matataong lugar, at pananatili sa malinis na bahay.

Tandaan na walang halagang maaaring itumbas sa kalusugan.

Mga Tanong:

1. Ano ang paksa ng talata?
 - A. N₁H₁
 - B. COVID-19
 - C. MERS-CoV
 - D. SARS-CoV
2. Paano nakahahawa ang sakit na ito?
 - A. kapag palaging lumalabas
 - B. kapag hindi nabakunahan
 - C. kapag nanatili sa bahay
 - D. kapag nakasalamuha sa taong mayroon nito
3. Ang taong may sakit na COVID-19 ay may____.
 - A. sipon at lagnat
 - B. ubo at sipon
 - C. sipon, lagnat, at pananakit ng katawan
 - D. ubo, sipon, lagnat, hirap at pag-iksi ng paghinga
4. Kinakailangang umiwas sa mataong lugar sapagkat_____.
 - A. mainit
 - B. hindi mo sila kilala
 - C. para maiwasan ang pagkalat ang virus
 - D. magulo at mahirap gumalaw
5. Ano ang pinakaangkop na islogan sa binasang teksto?
 - A. Laging Handa.
 - B. Iba ang may Alam.
 - C. Manigurado, I am Ready.
 - D. Ang kalusugan ay kayamanan.



Mga Tala para sa Guro

Ito ay panimulang pagtatasa lamang. Maaaring itala ang iskor para matukoy ang kahinaan ng mag-aaral.




Tuklasin

Halina't patuloy tayong magtalakay mahal na mag-aaral. Sa bawat akda ay may nakalaang katanungan. Sagutin ito at isulat sa sagutang papel.



Halimbawa ng Talaarawan:



Ang larawan na ito ay iginuhit ni Leo Gali

Mahal kong Talaarawan,

12 Enero 2019

Lunes

Isang nagmamadaling umaga na naman para sa akin. Lunes ngayon at higit sa lahat may *flag ceremony* kaya hindi ako puwedeng mahuli. Kaya lang, pagdating ko sa aming paaralan ay nag-uumpisa na ito. Kumpulan na ang mga mag-aaral sa labas dahil hindi rin sila nakapasok gaya ko. Humingi na lamang kami ng paumanhin upang makapasok.

Pag-akyat naman namin sa aming silid-aralan ay sarado na ang pintuan. Hindi nagtagal pinapasok din kami dahil humingi kami ng paumanhin. Sa bawat asignatura kami ay nagbalik-aral dahil sa darating na Martes, magkakaroon kami ng pagsusulit.

13 Enero 2019

Martes

Kabadong-kabado ako sa araw na ito, paano ba naman ay hindi ako nakapagrebyu kagabi. Pagdating ko sa aming paaralan, umupo ako agad at binuklat ang aking aklat upang magrebyu. Maya-maya dumating na ang aming guro, nagsimula na nga ang aming pagsusulit. Nahirapan ako dahil nga hindi ako nakapagrebyu nang mabuti.


Nagmamahal,

Nanette

Sagutin ang sumusunod. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang sumulat ng talaarawan?
2. Bakit nagmamadali si Nanette sa araw ng lunes?
3. Ano ang kaniyang nadatnan pagdating sa paaralan?
4. Bakit mahalaga ang paghingi ng paumanhin gaya ng ginawa ni Nanette?
5. Ano ang ginawa nila sa bawat asignatura sa araw ng lunes?
6. Ano ang magaganap sa araw ng Martes?
7. Bakit kinakabahan si Nanette nang dumating ang araw ng Martes?
8. Ano ang bunga ng hindi pagrerebyu nang mabuti ni Nanette?

Halimbawa ng Anekdota:



Ang larawan na ito ay iginuhit ni Leo Gali

Isang lalaking mahirap ang tumama sa lotto. Siya ay maysakit sa puso. Nalaman ng kaniyang kaibigan na siya ay nanalo sa lotto kaya nag-isip ng paraan upang sabihin sa kaniya ang balita nang hindi aatakihin sa puso.

Sa kanilang pag-uusap ay tinanong niya kung ano ang gagawin ng lalaki kung malaman niyang tumama siya sa lotto.

Sinabi ng lalaki na kung siya ay tumama ay ibibigay niya ang kalahati sa kaniyang kaibigan. Ang kaibigan niya ang inatake sa puso.

Sagutin ang sumusunod. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang tumama sa lotto?
2. Bakit pinag-isipang mabuti ng kaibigan kung paano sasabihin sa kaniyang kaibigan ang pagkapanalo sa lotto?
3. Anong paraan ang naisip ng kaniyang kaibigan para masabi na nanalo siya sa lotto?
4. Ano ang nangyari sa kaniyang kaibigan nang sabihin ng lalaki na ibibigay sa kaniya ang kalahati ng napanaluhan?
5. Ibigay ang iyong reaksiyon tungkol sa binasang anekdota.



Suriin

Ngayon naman, talakayin natin ang inyong binasa.

ANG TALAARAWAN

Ano ang napansin ninyo sa binasang **talaarawan**? Paano ito sinulat?

Mahusay! Sa bawat araw ay sinusulat ni Nanette ang mga pangyayari sa kaniyang buhay, gaya ng kaniyang karanasan sa pag-aaral. Makikita sa kaniyang talaarawan ang petsa at araw kung kalian ito sinulat. Gayundin, sinulat niya ito sa paraang pakuwento, kinukuwento niya ang kaniyang mga karanasan.

Kung gayon, ano ang talaarawan?

Ang **talaarawan** ay isang pasulat na pagsasalaysay ng pang-araw-araw na pangyayari sa buhay, mga personal na karanasan, saloobin, obserbasyon at pananaw. Ito ay sinusulat sa paraang nakikipag-usap sa isang tao. Kaya maaari itong magsimula sa “*Mahal kong Diary o Talaarawan*” o maaari ring bigyan ng pangalan na parang isang tunay na tao ang sinusulatan.

Sa binasang talaarawan, ano ang nilalaman ng kaniyang talaarawan?

Magaling! Isinulat niya rito ang kaniyang karanasan at damdamin sa kaniyang pag-aaral o pagpasok sa paaralan. Kung gayon, sa anong pamamaraan pa maaaring gamitin ang talaarawan?

Ginagamit din ang talaarawan sa pagsulat ng talaan ng dapat at gustong gawin, gayundin ng mga nagawa, mga karanasan, saloobin o nadarama at iniisip. Maaari din gamitin para bilang listahan ng pantasya at sa iba pang katulad.

ANG ANEKDOTA

Ano naman ang napansin ninyo sa binasang anekdota? Paano ito sinulat?

Tumpak! Ito ay maikling talata na naglalaman ng tiyak na pangyayari na nakalilibang.

Kung gayon, ano ang anekdota?

Ang **anekdota** ay isang maikling salaysay ng natatangi at nakawiwili o nakalilibang na pangyayari, karaniwan sa buhay ng kilalang tao at maaaring tunay na nangyari o hindi.

Layunin nito na maghatid ng mga karanasang kapupulutan ng aral. Ito ay may isang paksa at ang bawat pangyayari ay nagbibigay kahulugan at ideyang nais ipadama.

Kung gayon sa pagsagot sa mga tanong mula sa nabasang talaarawan at anekdota, dapat tandaan ang sumusunod:

1. pag-unawang mabuti sa isinasalaysay ng akda;
2. pag-unawang mabuti sa mga ibinigay na tanong;
3. pagsagot nang mahusay sa mga tanong; at
4. pagrebyu at pagtiyak kung tama ang sagot sa mga tanong.

Matapos mong matutuhan ang talaarawan at anekdota tukuyin kung ang sumusunod na akda ay **talaarawan** o **anekdota** at ipaliwanag ang sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

A.

Mahal kong Talaarawan

3 Hunyo 2019

Lunes

Maaga akong nagising dahil sa ingay sa labas ng aming bahay. Pagkagising ko tumayo na ako at nagsipilyo, saka kumain ng almusal at nag-empake ng mga damit. Uuwi kasi kami sa probinsiya bukas upang bisitahin ang lolo ko.

4 Hunyo 2019

Martes

Ito ang araw kung kailan uuwi na kami sa probinsiya, handa na ako sa aming pag-alis. Dala ko na ang lahat ng aking kailangang gamit sa bag. Sa aming pagbiyahe papuntang probinsiya, tanaw ko ang mga magagandang tanawin na nagbabalik ng mga masasayang ala-ala at karanasan ko noong bata pa ako. Sabik na sabik na akong makita ang lolo ko.

**Nagmamahal,
Marisa**

Sagot: _____

Paliwanag: _____


B.

Ang lolo kong walumpu't limang taon ay dinala sa ospital, tinanong siya ng doktor "alam mo ba kung nasaan ka?" Sagot niya, "Narito ako sa San Ramon Ospital." "Kilala mo ba kung sino ako"? tanong ng doctor. "Ikaw si Dr. Hamilton," sabi niya.

Sa ilang sandali ay lumingon ang lolo ko sa isang nars at sinabing, "Sana tumigil na siya sa pagtatanong-tanong niya." Tanong ng nars, "Bakit po?" "Kasi lahat naman ng sagot sa tanong niya ay nasa kaniyang nameplate naman", sagot ni lolo.

Sagot: _____

Paliwanag: _____



Pagyamanin

Yehey! May bago tayong natutuhan. Sige, pagyamanin pa natin ang mga ito. Kayang-kaya mong harapin ang kasunod na mga hamon sa iyo.



Gawain 1

Basahin at unawain ang maikling talaarawan. Sagutin ang mga tanong at isulat sa sagutang papel.

Mahal kong Talaarawan,

30 Mayo 2020

Sabado

Sa araw na ito, ika-30 ng Mayo, naghihintay pa rin ang mundo sa bakuna laban sa coronavirus. Isang ordinaryong araw na naman ito, nasa loob lang tayo ng ating mga tahanan at gumagawa ng mga gawaing bahay magwawalis, maglalaba, magluluto at kung ano-ano pa para hindi mabagot. Marami rin akong natutuhan tulad ng kahalagahan ng pagkain, pag-iipon ng pera, at pagtulong sa iba. Hindi lahat ay masuwerte na kasama nila ang buong pamilya. Mayroon ding nalulungkot dahil malayo ang kanilang mga mahal sa buhay. Natapos na naman ang buong araw na patuloy pa rin ang pag-asa na matatapos na ang pandemya.

31 Mayo 2020

Linggo

Ito ay araw ng Linggo at huling araw ng buwan. Ang lahat ay naghahanda sa tinatawag na *new normal*. Ibig sabihin nito ay iba sa dati o nakasanayang paraan ng pamumuhay. Gayundin, dapat sumunod sa “*precautionary measures*” gaya ng palaging paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng *facemask*, pag-iwas na lumabas ng bahay, pananatili ng kalinisan at iba pa bilang pag-iingat at matiyak na ligtas ang lahat. Sasapit na ang Hunyo pero hindi pa rin tayo kampante dahil wala pa ring bakuna sa Covid-19.

**Nagmamahal,
Joy**

Mga Tanong:

1. Bakit ordinaryong araw para kay Joy ang araw ng Sabado?
2. Ano-ano ang natutuhan ni Joy sa panahong ito ng pandemya?
3. Ano ang ibig sabihin ng “*new normal*”?
4. Bakit mahalaga ang mga precautionary measures?
5. Ano ang mga damdaming ipinakita ni Joy sa kaniyang talaarawan?

Gawain 2

Basahin at unawain ang maikling anekdota. Sagutin ang mga tanong sa ibaba at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

Isang matandang may sakit sa balat na balot na balot ang mukha ang sumakay sa dyip. Nang makita ng drayber ang mga sugat sa balat ng matanda, naisip niyang baka nakahahawa ang sakit na ito. Nang pababa na ang matanda, ipinahinto ang sasakyan at iniabot ang bayad-pasahe.

“*Huwag na po lola,*” ang sabi ng drayber. “*Huwag naman amang. Naghahanap buhay ka rin,*” tugon ng pulubi.

Nagpumilit ang matanda, pero natatakot ang drayber na hawakan ang pera dahil baka mahawa siya. “*Huwag na po kayong magbayad lola,*” sabi uli ng drayber. “*Mas dapat kayong tulungan at kaawaan, eh.*”

Natuwa ang matanda. Sabay yakap at pinaghahalikan ang drayber sa tuwa.

Mga Tanong:

1. Sino ang dalawang tauhan sa anekdota? Ilarawan ang mga tauhan.
2. Bakit ayaw tanggapin ng drayber ang bayad ng matanda?
3. Bakit ipinagpipilitan ng matandang tanggapin ng drayber ang kaniyang bayad?
4. Paano ipinakita ng matanda ang kaniyang pasasalamat sa drayber?
5. Sang-ayon ka ba sa ipinakitang kilos ng drayber? Bakit?



Isaisip

Opps! Alalahanin natin ang mahahalagang kaisipang natutuhan natin.



A. Punan ang sumusunod na talahanayan.

Ano ang iyong mga natutuhan?	Gaano ito kahalaga?

B. Kompletuhin ang sumusunod:

Mahalagang matutuhan na masagot ang mga tanong mula sa nabasang anekdota at talaarawan dahil



Isagawa

A. Basahin ang sumusunod. Sagutin ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Isang umaga, kaming mag-anak ay nag-aagahan. Lumapit sa aming ina si Jonie na kung tawagin namin ay Nonong. Sinabi niyang nais niyang matutong bumasa ng alpabeto.

Sumagot agad si ina, tuturuan niya raw si Nonong. Magsisimula muna sila sa pagkilala sa mga letra at sa katumbas nitong mga tunog. Kinuha agad ni Nonong ang kaniyang mga *flashcards* ng alpabeto.

Hindi siya tumigil sa pagkilala sa mga titik at pagbigkas ng mga tunog nito. Minsan nangangailangan siyang magtanong at nililinaw naman ni ina. Pagkatapos ng mga dalawang oras, ang lahat ng titik ng alpabeto ay natutuhan na niyang basahin.

Kaming magkakapatid at ang aming mga magulang ay labis na namangha sa kaniyang pagiging matiyaga at matalinong bata.

Mga Tanong:

1. Ayon sa binasa, sino ang gustong matutong bumasa?
2. Paano tinuruan si Nonong ng kaniyang ina sa pagbabasa ng alpabeto?
3. Ano ang katangiang ipinakita ni Nonong ayon sa binasa?
4. Bakit labis na namangha ang pamilya ni Nonong?
5. Ano ang iyong karanasan na maiuugnay sa binasa? Ibahagi ito.



Tayahin

- A. Basahin at unawaing mabuti ang talaarawan. Sagutin ang sumusunod na tanong.

Mahal kong Talaarawan,

7 Marso 2020

Sabado

Ngayon ay Sabado at ito na ang pinakahihintay kong araw dahil aalis kami ni mama papuntang *mall* upang mamili ng mga gamit ko para sa *recognition*. Maaga akong gumising, kumain, naligo at umalis na. *Excited* na akong mamili ng mga damit ko at sapatos. Pagkatapos naming mamili ni mama kumain kami sa isang kainan ng *batchoy* at umuwi na.

8 Marso 2020

Linggo

Linggo ngayon at araw ito para sa Poong Maykapal. Maaga kaming naghanda dahil magsisimba kami. Pagkatapos naming magsimba, pumunta kami sa *mall*, namasyal at kumain. Walang ano-ano, biglang sumakit ang tiyan ko dahil naparami ang kain ko ng kanin, *fried chicken* at inom ng *softdrinks*. Niyaya ko na sina mama na umuwi dahil masakit ang tiyan ko.

Nagmamahal,

Jilian

1. Saan pupunta ang mag-ina?
2. Ano-ano ang kanilang bibilhin?
3. Maliban sa pamimili, ano pa ang ginawa nila?
4. Ano ang ginawa ng pamilya sa araw ng Linggo?
5. Bakit nagyayang umuwi kaagad si Jilian?

B. Basahin at unawaing mabuti ang anekdota. Sagutin ang sumusunod na mga tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.



Ang larawan na ito ay iginuhit ni Leo Gali

Minsan, ang kaibigan kong si Jane ay bumili ng sapatos na mas mahaba ng tatlong pulgada ang haba sa paa niya. Nag-aalala kasi siya na baka sa susunod na araw ito ay sisikip. Kung sakali, masasayang lang ang pera niya at hindi ito maisusuot. Isang araw umulan nang malakas, habang tumatakbo kami papasok sa umaandar na dyip, nahulog ang kapares ng kaniyang sapatos. Mabilis na umandar ang dyip at tuluyan na itong naiwan sa kalsada. Itinapon niya rin ang isa dahil hindi niya na ito magagamit pa. Nasayang lamang ang kaniyang pera.

1. Kaninong anekdota ang iyong nabasa?
 - A. Jane
 - B. Jona
 - C. Mariz
 - D. Roan
2. Ano ang kaniyang dahilan kaya bumili siya ng sapatos na mas malaki sa kaniyang paa?
 - A. Ibibigay niya sa kaniyang ate.
 - B. Ipahihiram niya sa kaniyang kapatid
 - C. Gusto niya ng medyo maluwag na sapatos.
 - D. Iniisip niyang sisikip ito at baka hindi na magamit.
3. Ano ang ginawa niya sa natirang pares ng sapatos?
 - A. Itinago niya ito.
 - B. Ibinigay sa pulubi
 - C. Ibinenta niya nalang ito.
 - D. Itinapon dahil hindi na niya ito magagamit.
4. Bakit naiwan ang kapares ng kaniyang sapatos?
 - A. Sumasayaw siya papasok ng sasakyan.
 - B. Naglalakad siya at bigla itong naiwan.
 - C. Naglalaro sila ng kaibigan niya nang habulan.
 - D. Tumakbo siya papasok ng dyip at nahulog ito.

5. Anong aral ang makukuha mo sa nabasang anekdota?
- Huwag maging matatakutin.
 - Sundin ang sariling desisyon.
 - Maging maalahanin sa ano mang bagay.
 - Pag-isipan nang mabuti ang pagdedesisyon.



Karagdagang Gawain

- Sumulat ng talaarawan kung ano ang mga ginawa mo sa loob ng tatlong araw. (Isulat ang sagot sa sagutang papel)
- Sumulat ng pangyayaring nakatatawa sa iyong buhay. (Isulat ang sagot sa sagutang papel)

Rubrik. Para sa A at B.

Pamantayan	Puntos
Nilalaman	5
Anyo at sangkap	3
Wastong gamit ng wika	2
KABUOAN	10



Tala para sa Guro

Iwawasto ng guro ang posibleng sagot ng mag-aaral.



Binabati kita kaibigan! Napakagaling mo! Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin sa araw na ito.

Bagaman tapos na tayo sa araling ito, ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin, ang **Modyul 2: PAGBABAHAGI NG PANGYAYARING NASAKSIHAN**



Susi sa Pagwawasto

TUKLASIN

A.1. Si Nanette ang sumulat ng talaarawan.

2. May flag ceremony at pagbabalik-ara para sa pagsusult.

3. Nadatnan niya ang kumpulang mga estudyante sa labas na hindi rin makapasok.

4. Pagtanggap ng kamalian o pagpapakumbaba.

5. Nagbalik-ara ang klase.

6. Ngakaroon ng pagsusult.

7. Hindi siya nakapagreblyu.

8. Nahirapan siya sa pagsagot sa pagsusult.

B.1. Isang lalaking mahirap

2. Bilang pag-iingat na hindi mabigla ang kakabigian at hindi atakihin sa puso.

3. Tinanong niya ito kung ano ang gagawin kapag natalo siya sa lotto.

4. Ang kaniyang kaibigan ang inatake sa puso.

5. Sariling sagot ng mag-aaral.

SUBUKIN

A.

1.C

2.D

3.D

4.B

5.D

BALIKAN

1.B

2.D

3.D

4.C

5.D

ISAGAWA

1. Jonie o Nonong

2. Nagsimula sila sa pagkilala ng letra o at katumbas nitong mga tunog.

3. Si Nonong ay interesado ng matuto at masikap mag-ara.

4. Madaling natutuhan ni Nonong ang pagkilala ng mga letra at pagbigkas ng mga tunod nito.

5. Nakadepende sa karansan ng bata ang sagot maaaring kagaya rin ni Nonong na gustong-gustong matonang mabasa noon.

PAGYAMANIN

GAWAIN A.

1. Dahil nasa loob lamang siya ng bahay at gumagawa ng kaniyang gawin.

2. Natutuhan niya ang pagkain ng masustansya, pag-iipon ng pera at pagtulong.

3. Ang "new normal" ay pammuhay na iba sa dati ng nakasanayan.

4. Para manatiling ligtas at maiwasang magkasakit.

5. Kahit na natungkot ay may pag-asa pa rin na matatapos ang pandemya.

GAWAIN B.

1. Ang drayber at isang matanda. Ang drayber ay ayaw mahawahan ng sakit sa balat at ang matanda naman ay may sakit sa balat.

2. Ayaw niyang mahawahan ng sakit sa balat.

3. Dahil ito ay naghahanapbuhay kaya dapat lang na mabayaran.

4. Niyakap niya ito at pinaghahalikan.

5. Sariling sagot ng mag-aaral.

ISAISIP

A. Ang natutuhan ko ay kung paano nasasagot ang mga katanungan mula sa anekdota at talaarawan nang tama.

Mahalaga ito upang mabigyan ako ng gabay at tama ang aking sagot sa bawat katanungan.

B. Mahalagang matutuhan ang pagsagot sa mga tanong sa nabasang anekdota at talaarawan upang mabigay ang tamang impormasyon o ideya na nakuha sa akda.

TAYAHIN

A.

1. Pupunta ang mag-iina sa mall

2. Bibili sila ng sapatos at damit

3. Kumain din sila ng batchoy

4. Maagang nag-agoy ang pamilya dahil magsisimba sila.

5. Nagayang umuwi kaagad si Jillian na umuwi dahil sumakit ang kaniyang tiyan sa kinain.

B.

1.A

2.D

3.D

4.D

5.D

Sanggunian

- *Sariling Katha Judith M. Obera at ng Editor*
- *MELC F6RC-IIdf-3.1.1, pp. 222, F6RC-IId-f-3.1.1 Pahina 222*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph